Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 30, 2012 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo A. Aceron | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg.Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Sang. Bayan Member |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 12-10-088

**PAGPAPAHAYAG NG MASIDHING PAKIKIDALAMHATI AT TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA PAMILYA AT MGA KAIBIGAN SA MAAGANG PAGPANAW NG NAMAYAPANG MSWDO, BB. ELEANOR M. PAZ**

**"SAPAGKAT,** kaalinsabay ng paghagupit ng mapaminsalang bagyong si Ofel noong Oktubre 26, 2012 ay ang isang dagok ang dumating sa mga mamamayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro – ang di inaasahang maagang pagpanaw ni Bb. Eleanor M. Paz, Pambayang Pinuno ng Tanggapan para sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad (MSWDO), mas kilala sa kanyang palayaw na Ate Enol;

**"SAPAGKAT,** bagamat bago pa lamang siyang naitalaga bilang MSWDO, ang kasanayan, husay at karanasan sa pagiging lingkod ng bayan ay hindi matatawaran dulot na rin marahil ng kanyang pagnanasang maiangat ang antas ng buhay ng mga maliliit na mamamayan lalung-lalo na yaong mga naaanib sa pinaka-mababang bahagi ng tatsulok ng lipunan;

**"SAPAGKAT,** ang buhay ni Ate Enol ay maihahambing sa isang karakter sa teleserye; makulay, puno ng drama, maaksiyon kumbaga, mula sa pagiging simpleng may dedikasyong social worker na nagtrabaho sa ibat-ibang mga bayan ng Silangang Mindoro hanggang sa pagkakahirang sa kanya bilang Hepe ng MSWDO, naging Punong Barangay ng Poblacion, siya ay larawan ng sipag at tapang sa pagsusulong ng kaunlarang pangmasa batay na rin sa prinsipyong ang lahat ng tao ay ipinanganak na pantay-pantay samakatuwid ay may pareho ring karapatang mabuhay ng matiwasay at malaya sa kuko ng mapansamantalang mundong kinagisnan;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** pilit pa ring umuukilkil sa isipan ang katanungang "Ano ang susunod na kabanata kung mabigyan lamang siya ng mas mahabang panahong makapag-lingkod bilang MSWDO?";

**"SAPAGKAT,** ang kasagutan marahil ay masasalamin sa mga huling sandali ng kanyang buhay, kung saan siya ay namatay habang pinaglilingkuran ang ating mga kababayan maiseguro lamang ang kanilang kaligtasan;

**"SAPAGKAT,** hindi sapat ang salita o anumang panag-uri upang bigyang deskripsiyon ang pagsasalarawan sa kalungkutang nadarama ng Sangguniang ito upang maibsan ang kahalintulad na pagdadalamhati ng kanyang mga naulila, mga kaibigan at lahat ng mga nagmamahal sa kanya; ang kaisipang si Ate Enol ay nasa kandungan na ng Poong May-Likha sa ating lahat ay magsilbing pamawi ng ating sama-samang dalamhati;

**"SAPAGKAT,** nais ng Kapulungang ito na magbigay pugay sa namayapang kasamahan sa serbisyo publiko, ipinaabot naming ang mga katagang "Maraming salamat"; salamat sa inspirasyong iyong iniwan; **kung kaya't, dahil dito;**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng masidhing pakikidalamhati at taus-pusong pakikiramay sa pamilya at mga kaibigan sa maagang pagpanaw ng namayapang MSWDO, Bb. Eleanor M. Paz

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel, pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Oktubre 30, 2012, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

| | |
|---|---|
| **EDUARDO C. ACERON**<br>SB Member | **GIDEON B. ABUEL**<br>SB Member |
| **EMELITA A. OSORIO**<br>SB Member | **LEONARDO A. ANDALLON**<br>SB Member |
| **JUAN L. SALAS, SR.**<br>SB Member | **SENEN C. FAMILARA**<br>SB Member |
| **RAMON G. MAGBANUA**<br>SB Member | **VIRGELIO M. ASTILLO**<br>Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**KLEAN ROSE F. BORBON**
SK Fed. President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: OCT. 31, 2012

121030/SOB/jpc

Scanned with CamScanner